

Paghanap at Pagbawi: Ang Tatlong Orihinal ng Arakyo sa Peñaranda, Nueva Ecija /

Quest of the Cross: The Three Orihinals of Arakyo in the Town of Peñaranda, Nueva Ecija

Michael C. Delos Santos
Central Luzon State University, Philippines
kelo_delos_santos@yahoo.com.ph

Ang arakyo ay isang pagtatanghal na hanggang sa kasalukuyan ay isinasagawa sa lalawigan ng Nueva Ecija. Itinatampok sa pagtatanghal ang pagdiriwang at pagpaparangal sa banal na krus na kinamatayan ni Hesukristo. Kilala ang arakyo bilang isang lokal na kultura sa lalawigan ito. Isa ang bayan ng Peñaranda na nagpapatuloy ng ganitong uri ng lokal na kultura na ipinagdiriwang tuwing buwan ng Mayo. Hangad ng papel na ito na mailahad ang naratibo ng tatlong orihinal na arakyo upang maipakita ang historikal na konteksto nito. Ang mga orihinal na ginamit sa pananaliksik ay mula sa barangay ng Sto. Tomas, Las Piñas at Sina Sahan. Layunin din ng pag-aaral na maisagawa ang panimulang dokumentasyon ng tatlong orihinal ng arakyo.

Mga Susing Salita: arakyo, Peñaranda, Nueva Ecija, pista ng krus, naratibo, orihinal

Arakyo is known as a local culture and a theatrical presentation which is being practiced until now in the province of Nueva Ecija. The highlight of this performance is to celebrate and give honor to the holy cross where Jesus Christ died. Peñaranda is one of the towns in the province that celebrates the said feast every month of May. In order to present the historical context, this particular study looked into the rich narratives found on the manuscripts of arakyo from the three barangays where it is being performed, namely, Sto. Tomas, Las Piñas and Sina Sahan. Moreover, an initial documentation of the three manuscripts has been conducted by the researcher.

Keywords: arakyo, Peñaranda, Nueva Ecija, feast of the Cross, narrative, orihinal

Panimula

Kilala ang lalawigan ng Nueva Ecija bilang “Rice Granary” ng Pilipinas. Maliban sa pagkilalang ito na iginawad sa lalawigan, kilala rin ang Nueva Ecija bilang tahanan ng pagtatanghal ng lokal na kultura sa larangan ng dramang patula. Tuwing sasapit ang buwan ng Mayo, nagiging bahagi ng kulturang Novo Ecijano ang pagtatanghal ng arakyo. Ang bayan ng Peñaranda sa lalawigan ng Nueva Ecija ang isa sa mga bayan na hanggang ngayon ay nagpapatuloy ng ganitong uri ng lokal na pagtatanghal. Bilang isang Novo Ecijano at tubong bayan ng Peñaranda, madalas kong nababanggit ang arakyo upang ipakilala ang Peñaranda. Sa kabilang banda, batid kong marami pang bagay na maaaring magtampok at magpakilala sa aming bayan. Ngunit para sa akin, higit at natatangi pa rin sa Peñaranda ang pagtatanghal ng arakyo.

Mula sa gunita ng mga lokal na mamamayan sa Peñaranda, tinatayang nagsimula ang pagtatanghal ng arakyo sa bayan nang maitatag ang unang banda ng musiko noong 1876 (Bañas, 4). Nakaugnay rin sa pagkakatatag ng unang banda ng musiko ang pagkasulat ng unang orihinal ng arakyo noong 1880 ni Leon Estanislao (Delos Santos, 44 at Ibarra, 2). Ang arakyo ay isang lokal na kulturang patuloy na isinasagawa sa bayan ng Peñaranda. Taong 2009 nang una kong gawan ng pag-aaral ang arakyo sa Peñaranda. Ang pag-aaral na ito ay bilang kahingian sa pagtatapos ng aking masteradong digri na MAEd – Filipino. Nagsilbing pundasyon ang aking unang ginawang pag-aaral ng arakyo sa aming bayan upang hangarin sa papel na ito upang lubusang mahimay at matutukan ang naratibo ng arakyo na nakakabit sa mga historikal na pangyayaring iniikotan ng mga tampok na tauhan sa loob ng naratibo ng tatlong orihinal. May mga pag-aaral na ring naisulat hinggil sa arakyo ng Peñaranda. Kabilang dito ang masteradong tesis at disertasyon ni Florante P. Ibarra. Ang masteradong tesis ni Ibarra ay may titulong *The Araquio of Sto. Tomas, Peñaranda, Province of Nueva Ecija: A Study on the Music in Devotional Theater*, (Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, 2002). Samantala, ang kaniyang disertasyon ay pinamagatan namang *Transmission of Araquio Music, Songs and Movement Conventions: Learning, Experience and Meaning in Devotional Theater*, (Unibersidad ng Columbia, 2012). Naging bahagi rin ng isang pag-aaral ni Nicanor G. Tiongson ang Arakyo sa Peñaranda, na bahagi ng aklat na

Philippine Theater: History and Anthology Volume II, Komedya. (Unibersidad ng Pilipinas - Diliman, Printing Press, 1999).

Malaking kontribusyon sa kabuoan ng papel ang mga naunang pag-aaral tungkol sa arakyo. Nakapag-ambag ito ng kaalamang lokal hinggil sa arakyo ng Peñaranda. Nagsilbing gabay rin ang mga pag-aaral upang mabigyang-tuon ang nais landasin ng artikulong ito tungkol sa arakyo. Ang mga tekstong gagamitin sa pag-aaral ay magmumula sa tatlong orihinal ng arakyo na ginagamit sa tatlong barangay ng Peñaranda. Malaki ang gagampanang papel ng mga orihinal ng arakyo na magmumula sa mga barangay ng Sto. Tomas, Las Piñas, at Sina Sahan sa sulating ito. Bunga pa rin ng mga naunang pag-aaral, napagtibay sa papel na ito na ang orihinal ng arakyo na mula sa barangay ng Sto. Tomas ang tanging orihinal na may elektronikong kopya sa kasalukuyan. Para sa dalawang barangay na walang elektronikong kopya ng arakyo, personal na sinadya ng mananaliksik ang mga mastrong tagapag-ingat ng orihinal. Mula sa personal na pakikipag-usap, humingi ng permiso ang mananaliksik na hiram sa mga maestro ang kopya ng orihinal sa kasunduang iaayos ito at gagawan ng kopyang elektroniko. Mula sa ibinigay na pahintulot ng mga tagapag-ingat ng kopya, naisagawa ng mananaliksik na magkaroon ng elektronikong kopya ang orihinal na mula sa mga barangay ng Las Piñas at Sina Sahan (*tunghayan sa Talahanayan 1 ang mga aspekto ng dokumentasyon ng mga Orihinal*). Matapos maihingi ng pahintulot ang paghiram ng kopya ng orihinal, sinundan ito ng mananaliksik ng personal na panayam upang mabuo ang mga datos na kakailanganin sa pagdodokumento ng orihinal. Sa ginawang hakbang na ito ng mananaliksik, matutugunan nito ang pangalawang layunin na nakaugnay sa panimulang dokumentasyon sa tatlong orihinal ng arakyo sa mga nabanggit na barangay.

Ang Arakyo at ang Bayan ng Peñaranda, Nueva Ecija

Isang Panimulang Pagsulyap sa Pinagmulan ng Salitang Arakyo

Sa kasalukuyan, hindi pa rin malinaw sa kamalayan ng mga Novo Ecijano ang pinagbukalan ng salitang arakyo. Sisikapin ng mananaliksik na magbigay ng isang panimulang pagdalumat sa posibleng pinagugatan ng salitang arakyo. Sa orihinal na mula sa

barangay Sto. Tomas mababasa sa isang bahagi ng naratibo ang salitang arakyo. Tumukoy ang bahaging ito nang mahanap ni Emperatris Elena ang krus na itinago sa isang simbahan sa itaas ng bundok (Estanislao, 83). Maliban sa pagbanggit na ito, wala nang bahagi ng naratibo ang nagpalawig pa sa salitang arakyo alinman sa tatlong orihinal. Upang magkaroon ng katuloy na paliwanag, kumalas muna sa loob ng naratibo ang mananaliksik upang maipaliwanag ang salitang arakyo. Minabuti ng mananaliksik na sipatin ang pinagmulan ng salitang arakyo sa isang historikal na pagdalumat upang maiugnay ang mga pangyayari sa naratibo ng arakyo.

Bilang panimulang pagdalumat, iniugnay ng may-akda ang salitang arakyo sa pangalan ni Emperador Heraclius na pinuno ng imperyong Byzantine na napatanyag ang pangalan noong mga 600 taon - pagkamatay ni Kristo. Nabuhay si Emperador Heraclius sa pagitan ng 575 hanggang 641 - pagkamatay ni Kristo. May isang pangyayari sa buhay ni Emperador Heraclius na nagpatangi sa kanyang karakter. Naganap ang pangyayaring ito noong taong 614. Ayon sa sanaysay ni Guilherme Queiroz de Souza na “Heraclius, Emperor of Byzantium”, kanyang isinaad ang ganito:

Isang paglusob at tuluyang pagsakop sa Palestina ang ginawa ng mga Persiyano sa pangunguna ni Emperador Chosroes II (*ayon sa naratibo ng arakyo si Chosroes II ay si Emperador Costroas*), ang nasabing pagsakop ay naglalayong kunin ang relikyang Banal na Krus, na noong panahong iyon ay nasa Jerusalem. Nagtagumpay sa ginawang pananakop at pagkuha ng krus si Emperador Chosroes II. Nakarating ang balita ng pagsakop at pagkuha ng krus ni Emperador Chosroes II sa kaalaman ni Emperador Heraclius. Nagsagawa ng paglusob ang pangkat ni Emperador Heraclius sa mga Persiyano upang bawiin ang krus at palayain sa pagkakasakop ang Jerusalem. Nagtagumpay si Emperador Heraclius. Muling naibalik sa Jerusalem ang pangangalaga sa krus dahil sa pagtatanggol na ginawa ni Emperador Heraclius. (sa akin ang salin 27-28)

Samantala, kung babalikan naman ang panahon ng paghanap ng krus, dalawang karakter ang nababanggit sa pangyayaring ito. Naganap ang paghanap sa krus

300 taon bago makilala si Emperador Heraclius. Ang dalawang karakter ay sina Emperatris Elena na nagutos na hanapin ang krus sa bundok ng Kalbaryo, at Emperador Constantino ng mga Romano at anak ni Emperatris Elena. Mula sa paghanap ng krus, nasundan muli ang istorya ng krus makalipas ang halos 300 taon. Ang pangyayaring naganap makalipas ang halos 300 ay nakaugnay naman sa pagbawi ng krus na inagaw ng mga Persiyano at sa panahong ito pumasok ang pangalan ni Emperador Heraclius. Malinaw sa historikal na pangyayari ang pagbuo sa karakter nina Emperatris Elena, Emperador Constantino, at Emperador Heraclius. Subalit kung pagbabasehan ang isinasaad ng naratibo ng arakyo, si Emperador Constantino ang nanguna sa paglusob sa pangkat ni Emperador Costroas upang bawiin ang krus na inagaw sa kamay ni Emperatris Elena. Maliwanag na ang tagpong nabanggit ay isang pagsalungat sa historikal na pangyayaring ginampanan ni Emperador Heraclius. Sa madaling salita, nagkaroon ng pagsasanib ang katauhan ni Emperador Heraclius sa karakter ni Emperador Constantino sa naratibo ng arakyo.

Mula sa pagtataya sa historikal na pangyayari at naratibong isinasaad ng arakyo nabigyang-punto ng mananaliksik na ang karakter ni Emperador Heraclius ang pinagmulan ng salitang arakyo. Mula rito, nakonstrak ng mananaliksik na ang pangalang Heraclius na Emperador ng Byzantine ay katumbas ng pangalang “Heraclio” sa wikang Espanyol. Sa pagtatapat ng kaisipang ito, nakita rin ng may-akda na ang pagtutumbas na ito ay nasundan naman ng pagkakaltas ng letra sa pangalang “Heraclio”. Naganap ang pagkakaltas ng letrang “H” sa pangalang Heraclio kaya’t ang natira sa pangalan ay “Eraclio”. Bunsod na rin ng pagsasalin-salin ng henerasyon, ang Eraclio ay nagkaroon ng pagpapalit ng letra mula “E” patungong “A”, “Araclio” at pagkakaltas muli ng letra na naganap sa letrang “I” kaya nabuo ang salitang “Aracio”. Dahil ang salitang aracio ay ginagamit sa lugar na karamihan ng nagsasalita ay Tagalog ang salitang “aracio” ay ginawan ng baybay-Tagalog kaya’t ito’y naging arakyo.


Sa Magkabilang Ibayo ng Ilog: Ang Bayan ng Peñaranda

Bahagi ng kapatagan ng gitnang Luzon ang bayan ng Peñaranda na isang bayang agrikultural sa lalawigan

ng Nueva Ecija. May layo itong 100 kilometro patungong hilagang bahagi ng Maynila. Isang *4th class municipality* ang bayan ng Peñaranda. May kabuoang bilang ng populasyon ang bayang ito na aabot sa 29,882 noong 2015 (PSA, Demographic and Socioeconomic Characteristics, Nueva Ecija, 4). Binubuo ang bayan ng 10 barangay na may sukat na 95 kuwadrado kilometro. Kahangga ng bayan ng Peñaranda ang mga bayan ng General Tinio (Papaya), San Leonardo, Lungsod ng Gapan, at Sta. Rosa. Kilala ang bayan sa dating tawag na Mapisong. Sa sampung barangay ng Peñaranda, siyam na barangay rito ang nagtatanghal ng arakyo tuwing sasapit ang kapistahan sa buwan ng Mayo.



Mapa ng Lalawigan ng Nueva Ecija
(halaw mula sa google images)



Mapa ng Bayan ng Peñaranda
(Halaw ang larawan mula kina Delos Santos
at Demeterio III, on press)

Nahahati ng ilog ang bayan ng Peñaranda na nagmumula sa General Tinio na nakatugon sa ilog ng Pampanga. Ang tatlong barangay na bahagi ng pananaliksik na ito ay nasa magkabilang ibayo ng ilog. Makikita sa mapa ang dalawang barangay na may pinakamalalawak na lupain; ito ang mga barangay ng Las Piñas at Sina Sahan. Sa kabilang ibayo ng ilog, makikita ang barangay Sto. Tomas na katabing barangay ng sentro ng bayan ang Poblacion I, II, III, at IV. Ipinakikita sa mapa ang mga barangay ng Poblacion na nahahati ng apat na linya. Kabilang din sa mga barangay ng Peñaranda ang barangay ng San Josep na kalapit-barangay ng sentro ng bayan, katabing barangay naman ng San Josep ang barangay Callos. Samantala, nasa dulong hangganan naman ng Sina Sahan at Las Piñas ang barangay ng San Mariano.

Ang Tatlong Orihinal ng Arakyo sa Peñaranda, Nueva Ecija

Panimulang Dokumentasyon ng Tatlong Orihinal

Mula sa mga naunang isinagawang pag-aaral hinggil sa arakyo, nailatag ng mananaliksik ang mga panimulang kaalaman tungkol sa arakyo ng Peñaranda. Ilan sa mga ito ang pag-aaral na ginawa ni Ibarra na mababasa sa kanyang aklat na *Araquio Music in Devotional Theater*:

The Araquio is a komedya on the search of the Holy Cross, the patron saint of Barangay Sto. Tomas, Peñaranda, Nueva Ecija. As devotional theater, the araquio is both a dramatic presentation as well as vow on the part of the devotees (2-3).

Sa paliwanag na ito ni Ibarra, kanyang naiuugnay ang arakyo ng barangay Sto. Tomas, Peñaranda, Nueva Ecija sa komedya. Naglalaman ang pagtatanghal ng salaysay tungkol sa paghanap ng krus na kinamatayan ni Kristo. Ang arakyo ay isang pagsasadula at nagiging isang panata na rin para sa mga deboto sa nabanggit na lugar.

Sa librong *Philippine Theater: History and Anthology Volume II, Komedyang*, ipinaliwanag ni Tiongson, isang iskolar na nag-aral ng komedya sa Pilipinas, ang kahulugan ng arakyo:

The arakyo is a komedya depicting the search by Queen Elena and her son King Constantino for the Santa Cruz or Holy Cross on which Christ was nailed and died, which was buried by the Hudyo or Jews underneath a temple on a mountain. (193)

Sa pahayag na ito ni Tiongson, binigyang-diin niya na ang arakyo ay isang komedyang naglalaman ng salaysay tungkol sa paghanap nina Emperatris Elena at Haring Constantino sa krus na pinagpakuan at kinamatayan ni Kristo. Ito ang krus na ibinaon ng mga Hudyo sa ilalim ng isang simbahan sa gitna ng kabundukan.

Samantala sa isa pang libro ni Tiongson na *Kasaysayan ng Komedyang sa Pilipinas (1766-1982)*, kaniyang inilathala ang maikling paliwanag tungkol sa pagsibol ng arakyo sa lalawigan ng Nueva Ecija:

Sa lalawigan ng Nueva Ecija nakilala ang tibag bilang arakyo, costruas, kolokyo o Moro-Moro, na ipinalalabas tuwing Mayo bilang pagdiriwang sa Krus. Isang orihinal na nauukol sa buhay nina Elena at Constantino, na nahahati sa dalawang bahagi na pinamagatang “Costurias” na sinulat ng isang Ambrocio Santiago sa pagitan ng mga taong 1880 at 1890 sa Alua, San Isidro, at ang Moro-Morong ito ang siyang ipinalalabas hanggang nitong mga 1960, di lamang sa San Isidro kundi sa iba pang

mga bayan ng Nueva Ecija, tulad ng Cabiao, Gapan, San Antonio, Cabanatuan, Papaya, Peñaranda, Talavera, at pati na sa San Miguel, Bulacan. Bukod dito, may isa pang orihinal na pinamagatang Kay Kostacio, na diumano’y isinulat noong mga taong 1902 at unang inilabas sa Gapan. Sa kasalukuya’y naglalabas pa ng Moro-Moro sa Peñaranda. (108)

Sa pagtatanghal ng arakyo, isang mahalagang elemento ang orihinal sapagkat ito ang naglalaman ng mga iskrip sa mga ipinalalabas na tagpo sa entablado tuwing panahon ng kapistahan sa bayan ng Peñaranda.

Samantala, bilang pagtugon sa hangarin ng papel na ito, makikita sa susunod na paglalalahad ang panimulang dokumentasyon sa tatlong arakyo ng Peñaranda. Nahahati ito sa mga sumusunod: Una, ang dokumentasyon sa pagkakakilanlan ng tatlong orihinal. Pangalawa, ang dokumentasyon ng laman at bahagi ng orihinal. Pangatlo, ang dokumentasyon na nakaugnay sa pagsasagawa ng pagtatanghal sa bayan ng Peñaranda. Bahagi ng dokumentasyon ang arakyo sa barangay Sto. Tomas, Las Piñas, at Sina Sahan. Ang mga nabanggit na barangay ang pinagmulan ng tatlong orihinal na ginamit sa pagsusuri sa naratibo ng arakyo. Upang maitala ang mga impormasyon, kinalap ng mananaliksik ang mga datos sa talahanayang mula sa mga personal na panayam gamit ang *Key Informants Interview (KII)* at personal na dokumentasyon sa mga kopya ng orihinal na hawak ng mga kasalukuyang

Mga Aspekto at Detalye	Mga Barangay		
	Sto. Tomas	Las Piñas	Sina Sahan
1. May akda	Leon Estanislao	di matukoy	di matukoy
2. Taon ng pagkakasulat	1880	walang tala	walang tala
3. Itsura ng teksto	May kopyang elektroniko	Makinilyado sa 8.5” x 11” na papel. Nasa isang folder subalit nag-iisang kopya lamang.	Nakasulat-kamay sa apat na magkakaibang sulatan. Ang mga papel na sulatan ay may sukat na 8.5” x 11”.
4. Tagatago ng kopya	May kopyang elektroniko	Phol Dayson ng Barangay Las Piñas	Adante M. Jardiel ng Barangay Sina Sahan
5. Sukat ng taludturan	Aanimin hanggang lalabindalawahing pantig bawat linya	Aanimin hanggang lalabindalawahing pantig bawat linya	Aanimin hanggang lalabindalawahing pantig bawat linya
6. Bilang ng taludtod	4,353	4,313	2,994
7. Bilang ng saknong	1,461	1,459	1,102

Talahanayan Bilang 1

Dokumentasyon sa pagkakakilanlan ng tatlong orihinal

maestro. Minabuti ng mananaliksik na itala ang dokumentasyon sa pamamagitan ng mga talahanayan upang mas malinaw na matukoy ang pagkakakilanlan ng mga orihinal ng arakyo.

Ipinapakita ng talahanayan sa itaas ang pagkakakilanlan ng tatlong orihinal ng arakyo sa bayan ng Peñaranda. Mapapansing tanging ang barangay Sto. Tomas lamang ang may nakatalang may-akda ng orihinal at natukoy ang taon ng pagkakasulat. Makikita rin na tanging ang orihinal ng arakyo sa barangay Sto. Tomas ang may kopyang elektroniko na hindi pa naisasagawa sa orihinal ng mga bayan ng Las Piñas at Sina Sahan. Maaaring sabihing malaki ang naitulong ng mga naunang pag-aaral upang magkaroon ng mahusay na dokumentasyon ang arakyo sa barangay Sto. Tomas. Ipinakikita rin sa talahanayan ang dokumentasyong ginawa ng mananaliksik sa sukat na tinataglay ng tatlong orihinal. Lahat ng orihinal ay nagtataglay ng aanimin hanggang lalabindalawahing pantig bawat linya at nakasulat sa matulaing pananagalog na may kaunting halong salitang Espanyol. Sa bilang ng taludtod at saknong, higit na marami ang taludtod ng orihinal sa barangay Sto. Tomas na umabot sa 4,353 gayundin ang bilang ng saknong na may kabuoang 1,461.

Ang susunod na talahanayan ay nagpapakita ng dokumentasyon hinggil sa laman at bahagi ng orihinal. Isinaayos ng may-akda ang bahaging ito sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (✓) kung tumutukoy sa oo at/o mayroon, samantalang (✗) kung ito ay hindi at/o wala.

Lumalabas mula sa mga nakatalang impormasyon sa itaas na may taglay na laman at bahagi ang ibang orihinal samantalang ang iba ay hindi ito tinataglay. Sa pagkakaroon ng paunang salita sa loob ng orihinal, tanging ang barangay Sto. Tomas lamang ang nagtataglay nito. Sa tatlong orihinal, tanging ang sa barangay Sina Sahan lamang ang di nagtataglay ng prologo bilang panimulang panalangin sa pagsisimula ng pagtatanghal. Makikita rin sa talahanayan na ang lahat ng orihinal ay may hati sa mga yugto, katangiang pagkakakilanlan ng isang dulang patula. Ipinakikita rin sa talahanayan na ang orihinal ng barangay Sto. Tomas ang may pahina ng talaan ng nilalaman at mga tauhan gayondin ng mga karagdagang tala sa hulihang bahagi ng orihinal.

Samantala, makikita sa ikatlong talahanayan ang dokumentasyong ginawa ng mananaliksik na nakaugnay sa pagtatanghal ng arakyo sa bayan ng Peñaranda.

Mga Aspekto at Detalye	Mga Barangay		
	Sto. Tomas	Las Piñas	Sina Sahan
1. May paunang salita	✓	✗	✗
2. May prologo bilang panimulang panalangin sa pagtatanghal	✓	✓	✗
3. Hinati sa yugto bilang isang dulang patula	✓	✓	✓
4. May talaan ng nilalaman at tauhan	✓	✗	✗
5. May mga karagdagang tala sa hulihang bahagi ng orihinal	✓	✗	✗

Talahanayan Bilang 2

Dokumentasyon hinggil sa laman at bahagi ng orihinal

Mga Aspekto at Detalye	Mga Barangay		
	Sto. Tomas	Las Piñas	Sina Sahan
1. Petsa o araw ng pagtatanghal taon-taon	unang Sabado at Linggo ng Mayo	tuwing Mayo 10 -11	tuwing Mayo 21-22
2. Tawag sa mga namumuno o tagapanguna ng pagtatanghal	maestro	maestro	maestro
3. Bilang ng mga maestro	5	3	2
4. Bilang ng buwan ng pag-eensayo para sa pagtatanghal	apat na buwan	apat na buwan	apat na buwan
5. Paraan ng pagbigkas ng linya sa pagtatanghal	patula/ditso	patula/ditso	patula/ditso
6. Bahagi ang pagtugtog ng banda ng musiko sa pagtatanghal	oo	oo	oo
7. Bahagi ng pagtatanghal ang pagsasayaw	oo	oo	oo
8. May nakatalagang mga hermano at hermana para sa ensayo at araw ng pagtatanghal	oo	oo	oo
9. Bilang ng mga hermano at hermana	12	14	14

Talahanayan Bilang 3

Dokumentasyon kaugnay sa pagtatanghal ng arakyo

Sa mga nakatalang impormasyon sa talahanayan, natukoy na itinatanghal taon-taon tuwing buwan ng Mayo ang arakyo sa Peñaranda. Magkakaiba ang petsa ng pagtatanghal na nagsisimula sa unang Sabado at Linggo ng Mayo. Ang pagtatanghal ng arakyo sa Peñaranda ay pinangungunahan ng mga maestro. Lima ang bilang ng maestro sa barangay Sto. Tomas, ang may pinakamaraming maestro sa kasalukuyan. Apat na buwan ang nagiging preparasyon ng mga nagtatanghal ng arakyo sa lahat ng barangay bago sumapit ang pagtatanghal sa buwan ng Mayo. Patula o pagditso ang tawag sa paraan ng pagbigkas ng linya sa pagtatanghal ng arakyo sa tatlong barangay. Ang pagtugtog ng banda ng musiko at ang pagsayaw ng mga personahe ay bahagi rin ng pagtatanghal ng arakyo sa tatlong barangay. May mga nakatalagang hermano at hermana ang lahat ng barangay na nagtataguyod ng pagtatanghal. Parehong 14 ang bilang ng hermano at hermana sa barangay Las Piñas at Sina Sahan.

Ang mga Salaysay na Nakapaloob sa Tatlong Orihinal

Matapos matukoy sa naunang bahagi ang ginawang dokumentasyon sa tatlong arakyo ng Peñaranda, matutunghayan naman sa bahaging ito ng papel ang nakapaloob na salaysay sa tatlong orihinal. Sinikap ng mananaliksik na maging laman ng sulatin ang sinopsis ng tatlong orihinal. Unang mababasa ang sinopsis ng orihinal mula sa barangay Las Piñas, susundan ng sinopsis ng orihinal mula sa barangay Sto. Tomas, at panghuli, ang sinopsis ng orihinal mula sa barangay Sina Sahan.

Sinopsis ng orihinal mula sa Las Piñas

Hiniling ni Emperador Constantino sa mga Hudyo na isuko ang kanilang kaharian na noo'y pinamumunuan ni Emperador Saladin. Iniutos din ni Emperador Constantino na ituro ng pinuno ng mga Hudyo ang lugar na kinaroroonan ng krus na kinamatayan ni Kristo. Tumanggi si Emperador Saladin sa nais na mangyari ni Emperador Constantino. Sinugod ng mga Romano ang mga Hudyo sa Jerusalem at napatay ni Emperador Constantino si Emperador Saladin sa

labanan. Sa pananaig ng mga Romano, pumayag ang mga Hudyo na magpabinyag bilang mga Kristiyano. Sa natamong tagumpay ng mga Romano, isinagawa ni Emperatris Elena ang pagsasalin sa pamamahala ng kaharian sa kanyang anak na si Constantino.

Nais ng bagong emperador ng mga Hudyo na si Mahencio na maghiganti at lusubin ang mga Romano dahil sa pagpatay kay Emperador Saladin. Nagkaroon muli ng labanan sa pagitan ng mga Romano at mga Hudyong pinamumunuan ni Emperador Mahencio. Sa gitna ng labanan, nagpakita kay Emperador Constantino ang anghel at pinayuhan siyang palitan ng simbolo ng krus ang nakalagay na sagisag na agila sa kanilang bandera. Sa ginawang pagsunod ni Emperador Constantino sa payo ng anghel, muling nagtagumpay sa laban ang mga Romano laban sa mga Hudyo. Nakarating ang balita ng pagkatalo ng mga Hudyo sa kamay ng mga Romano kay Emperador Costroas na pinuno ng mga Turkiyano. Napag-alaman din ni Emperador Costroas na natagpuan na ng mga Romano ang krus sa Jerusalem at ilalagak na ni Emperatris Elena ang krus sa lupain ng mga Romano. Sa gitna ng paglalakbay ng pangkat ni Emperatris Elena, inabangan at inagaw ni Emperador Costroas ang krus na dala ng mga Romano. Naiparating ni Emperatris Elena kay Emperador Constantino ang ginawang pag-agaw ng krus ni Emperador Costroas. Nagsagawa ng paglusob ang mga Romano sa pangunguna ni Emperador Constantino sa lupain ng mga Turkiyano upang bawiin ang krus. Napasuko ng mga Romano ang mga Turkiyano. Nabawing muli ng mga Romano ang krus.

Sinopsis ng orihinal mula sa Sto. Tomas

Pinangunahan ni Emperatris Elena ang pagsasalin ng pamumuno sa lupain ng mga Romano sa kanyang anak na si Constantino. Nakarating sa kaalaman ni Emperador Mahencio na pinuno ng mga Persiyano ang ginawang pagsasalin ng pamumuno ng mga Romano. Ipinag-utos ni Emperador Mahencio na hilingin kay Emperador Constantino na isuko ang lupain ng mga Romano. Tumanggi si Constantino sa nais na mangyari ni Emperador Mahencio. Inihanda ni Emperador Constantino ang kanyang pangkat upang humarap sa pakikipaglaban sa mga Persiyano. Sa gitna ng labanan, nagpakita kay Emperador Constantino ang anghel at pinayuhan siyang palitan ng simbolo ng krus ang nakalagay na sagisag na agila sa kanilang bandera. Dahil sa pagsunod sa payo ng anghel, nagtagumpay ang mga Romano laban sa mga Persiyano.

Napag-alaman ni Emperador Constantino na nakatago sa lupain ng Jerusalem ang krus na kinamatayan ni Kristo. Dahil dito, ninais niyang sakupin ang lupain ng mga Hudyo na pinamumunuan ni Emperador Saladin. Sinalakay ng mga Romano ang mga Hudyo at napatay sa labanan si Emperador Saladin. Matapos maisagawa ang pagsakop sa lupain ng Jerusalem, nagtungo si Emperatris Elena sa lugar upang pangunahan ang paghahanap sa krus. Ipinatibag nina Emperatris Elena at Emperador Constantino ang bundok mula sa payo ng isang obispo. Natagpuan ang tatlong piraso ng magkakaibang krus sa natibag na bundok. Upang matukoy ang tunay na krus na kinamatayan ni Kristo, nagpahanap si Emperatris Elena ng isang babaeng may malubhang karamdaman. Isa-isang ipinatong sa dibdib ng babae ang krus at ang panghuling krus na ipinatong ang himalang nagpagaling sa babaeng may sakit.

Samantala, sa kaharian ng mga Turkiyano, napag-alaman ni Emperador Costroas ang nangyaring pagkamatay ng kanyang kapatid na si Emperador Saladin. Nakarating din sa kanya na nahanap ng mga Romano ang krus na kinamatayan ni Kristo. Sa kalagitnaan ng paglalakbay ng pangkat ni Emperatris Elena pabalik sa lupain ng mga Romano, inabangan at inagaw ni Emperador Costroas ang krus na dala ng mga Romano. Naiparating ni Emperatris Elena kay Emperador Constantino ang ginawang pag-agaw ng krus ni Emperador Costroas. Ipinag-utos ni Emperador Constantino na lusubin ang kaharian ng mga Turkiyano upang bawiin ang krus na inagaw ni Emperador Costroas. Napasuko ng mga Romano ang mga Turkiyano at nabawi ang krus na kinuha ni Emperador Costroas. Nagpabinyag ang mga Turkiyano upang maging ganap na mga Kristiyano. Sa natamong tagumpay nina Emperatris Elena at Emperador Constantino, nagpasiya silang iuwi sa lupain ng mga Romano ang krus upang doon ito ilagak.

Sinopsis ng orihinal mula sa Sina Sahan

Napatay ng mga Turkong Moro si Emperador Costancio ng Constantinopla at ng Roma sa labanang naganap sa Jerusalem. Naulila ni Emperador Costancio si Emperatris Elena, ang kanyang nagdadalantaong asawa. Sa pagkamatay ni Emperador Costancio, inasam nina Heneral Arnulfo, Nicetas, at Vitalino na pamunuan ang Constantinopla, subalit sila'y hinadlangan nina Heneral Fernando at Lucero. Dahil sa kasakiman ng tatlong heneral sa pamumuno, sila'y napatay nina

Heneral Fernando at Lucero. Isinilang ni Emperatris Elena si Constantino. Pagtuntong sa wastong edad ni Constantino, isinagawa ang pagsasalin ng pamumuno sa lupain ng Constantinopla. Sa pagbabalik sa kampo ng Roma, pinag-embahada ni Emperador Constantino si Heneral Fernando sa mga Turkiyano sa Jerusalem upang ipasabi na isuko ng mga Turkiyano ang lupaing nasasakupan. Dahil sa hindi pagsang-ayon ng mga Turkiyano, nagpasiya si Emperador Constantino na lusubin ang mga Turkiyano sa Jerusalem.

Bago maganap ang paglusob, isang boses ang nagsalita sa kawalan na nagsasabi kay Emperatris Elena na magtatagumpay sa labanan ang kanyang anak kung pangungunahan niya ang paghahanap ng banal na krus sa Jerusalem. Napatay ni Emperador Constantino si Emperador Saladin na pinuno ng mga Turkiyano sa Jerusalem. Nagkaroon ng bagong emperador ang reyno ng turkiya sa katauhan ni Emperador Costroas. Pinapunta ni Emperador Costroas si Prinsesa Ordeliza sa kaharian ng mga Romano upang sabihin kay Emperador Constantino na isuko ang lupaing nasasakupan at iparating din kay Heneral Lucero ang kanyang tatamuhing kaparusahan dahil sa nagawang kasalanan sa mga Turkiyano.

Samantala, sinunod ni Emperatris Elena ang utos sa kaniya na hanapin ang krus sa lupain ng Jerusalem.

Sa pagkakahanap ni Emperatris Elena sa krus, napagpasiyahan niyang iuwi ito sa kaharian ng mga Romano. Sa kalagitnaan ng paglalakbay, hinarang siya ng pangkat ni Emperador Costroas at inagaw ang hawak niyang krus. Nagkaroon ng pagtingin ang Turkiyanong prinsipe na si Godimar kay Emperatris Elena, subalit hindi ito binigyan ng pagkakataon ni Emperatris Elena. Nagharap sa isang eskrima sina Emperatris Elena at Prinsesa Ordeliza subalit pumagitna at umawat si Prinsipe Godimar.

Nakarating sa kaalaman ni Emperador Constantino ang ginawang pag-agaw ni Emperador Costroas sa krus. Inutusan ni Emperador Constantino si Heneral Lucero na magtungo sa mga Turkiyano sa Jerusalem at hilingin kay Emperador Costroas na ibalik ang inagaw na krus sa mga Romano. Hindi nagtagumpay sa kanyang layon si Heneral Lucero; siya ay dinakip at ikinulong dahil sa dating pagkakasalang ginawa sa mga Turkiyano. Habang nakakulong, may nabuong pagtitinginan sina Prinsesa Ordeliza at Heneral Lucero. Pinatakas ng prinsesa si Heneral Lucero. Sanhi ng nabigong kahilingan ni Emperador Constantino nagkaroon muli ng labanan sa pagitan ng mga Romano at Turkiyano. Sa huli nagtagumpay ang mga Romano at hiniling na magpabinyag ang mga Turkiyano upang maging ganap na Kristiyano.

Lagom ng naratibo sa tatlong orihinal ng arakyo	Mga Barangay		
	Sto. Tomas	Las Piñas	Sina Sahan
Pagsasalin ng kapangyarihan kay Emperador Constantino na pamunuan ang mga Romano	/	/	/
Ang paghanap ng mga Romano ng krus sa lupain ng Jerusalem sa pangunguna ni Emperatris Elena	/	/	/
Ang paulit-ulit na labanan sa pagitan ng mga Romano laban sa mga (Morong) Hudyo/Persiyano/Turkiyano	/	/	/
Ang pag-agaw ng krus ng mga Turkiyano sa mga Romano	/	/	/
Ang paulit-ulit na pananaig ng mga Romano laban sa mga (Moro) Hudyo/Persiyano/Turkiyano	/	/	/
Ang pagbawi ng krus ng mga Romano sa mga Turkiyano	/	/	/
Ang pagpapabinyag ng mga (Moro) Hudyo/Persiyano/Turkiyano upang maging Kristiyano	/	/	/

Talahanayan bilang 4

Ang paglalagom sa banghay ng tatlong orihinal ng arakyo

Pag-uugnay sa Salaysay ng Tatlong Orihinal

Mula sa tatlong orihinal na nakalap sa pananaliksik na ito, makikitang ang naratibo ng barangay Sto. Tomas ang may kompletong bersyon ng orihinal. Mapapansin ding bagamat ang simula ng naratibo ng orihinal ng barangay Sina Sahan ay di nahahawig sa pagsisimula ng orihinal ng Sto Tomas at ng Las Piñas, makikita pa ring nagkakatugma ang mga ito sa tinatakbo ng naratibo lalo't higit sa bahagi ng paghanap at pagbawi ng krus ng mga Romano. Kung pag-uugnayin ang mga naratibo ng tatlong orihinal, naging kapansin-pansin sa mga salaysay ang mga sumusunod na daloy ng pangyayari na makikita sa susunod na talahanayan.

Ang pagtatampok sa krus ang isa sa mga pinagtuonang naratibo ng arakyo. Maiuugnay ang naratibo ng arakyo sa akdang “Tibag” ni Fruto Cruz. Isang dramang Tagalog ang “Tibag” na may tatlong akto. Nakatuon ang naratibo ng dulang ito sa paghahanap ni Emperatris Elena sa krus na kinamatayan ni Jesus (3). Ang bahaging ito ang unang akdang kinatha ni Cruz noong 1909 na nakatuon sa nabanggit na naratibo. Nagkaroon ng ikalawang bahagi ang dramang ito na umikot sa naratibo ng pananaig ng pangkat ni Emperador Heraclio sa pangkat ni Emperador Costroas ng Persia (3). Laman din ng naratibo ang muling pagbabalik ng krus sa Jerusalem na inagaw ng pangkat ni Emperador Costroas.

Kontekstong Historikal sa Salaysay na Nakapaloob sa Arakyo

Nailatag sa mga unang bahagi ng papel na ang kasaysayan ng paghanap at pagbawi ng krus ang mga tampok na naratibo ng arakyo. Nailahad din na ang mga naratibong ito ay nakasalig sa kasaysayan ng krus. Kung babalikan ang historikal na pangyayari, aatras ang panahon ng halos 1,600 taon mula nang maisulat ang unang orihinal ng arakyo sa Peñaranda noong 1880. Malinaw na nailahad sa loob ng naratibo ng arakyo ang ginawang pagtatagpo ng dalawang historikal na pangyayaring nakaugnay sa paghanap at pagbawi ng krus. Itinampok sa loob ng naratibo ang panahon ng katanyagan nina Emperador Constantino (272-337) at Emperatris Elena (250-330). Maliban dito nabigyan din ng pagkilala ang nagawang pamamayani ni Emperador Heraclius (575-641) bilang emperor ng imperyong Byzantine. Sa historikal na konteksto, kung susumahin ang agwat ng dalawang panahong ito’y

aaabot ng humigit-kumulang na 300 taon. Ipinakikita lamang na bumagtas ang istorya ng arakyo sa dalawang magkaibang panahon. Nagsimula ang unang bahagi sa pamamayagpag ng imperyong Romano sa panahon ng panunungkulan nina Emperador Constantino at Emperatris Elena at ang ikalawang mahalagang bahagi ay patungkol sa katanyagang nagawa ni Emperador Heraclius.

Bilang pagtatampok sa *archival* ng mga orihinal at naratibo ng tatlong arakyo, minarapat ng mananaliksik na balikan ang nilalaman ng literaturang nakaugnay sa buhay nina Emperatris Elena at Emperador Heraclius. Ang dalawang nabanggit na karakter ay kapwa may malaking bahagi sa naratibo ng arakyo. Si Emperatris Elena ang naging daan upang hanapin ng mga Romano ang krus na kinamatayan ni Hesukristo samantalang si Emperador Heraclius ang nanguna sa pagbawi ng krus sa pangkat ni Emperador Costroas. Sa ganitong pagsipat, hangad ng mananaliksik na mapagtagpo ang dalawang karakter na nabuhay sa magkaibang panahon subalit nakapaloob sa naratibo ng orihinal ng arakyo. Mapapansing ang pagtatagpo ng dalawang karakter ay kapwa nakaugnay sa pagdiriwang ng pista ng krus. Ang kapistahan ng paghanap ng krus na ginaganap tuwing Mayo 3 at ang eksaltasyon o muling pagbawi ng krus tuwing Setyembre 14. Malinaw sa kasaysayan na tumulay sa dalawang magkaibang panahon ang pagdiriwang ng pista ng krus. Ang dalawang nabanggit na pagtatampok sa pagdiriwang ng pista ng krus ay malinaw na nailatag bilang bahagi ng naratibo ng tatlong orihinal ng arakyo sa Peñaranda. Sa nangyaring pagtatampok na ito, lantad ang naratibo ng arakyo sa dalawang malaking bahagi ng kasaysayan - ang paghanap at muling pagbawi sa krus. Ang mga pangyayaring ito’y nagbigay ng matingkad na kabuluhan sa kabuoang naratibo ng arakyo na naisulat higit isang siglo na ang nakalilipas. Samantala, kung kakapitan pa rin ang historikal na pangyayari, kapansin-pansin sa naratibo ng arakyo ang di pagsama sa karakter ni Emperador Heraclius na naging dahilan upang muling maibalik ang krus sa lupain ng Jerusalem.

Si Emperatris Elena: Paghanap at Pagtatampok sa Banal na Krus

Si Emperatris Elena ang isa sa mga tauhang kasama sa naratibo ng arakyo. Sa naratibo ng arakyong isinulat ni Estanislao, kaniyang ipinakilala si Emperatris Elena bilang ina ni Emperador Constantino. Sa isang

sanaysay na binuo ng *St. Helen's Church of York* na may pamagat na *St. Helena (Helen) Mother of Constantine the Great*, naging tampok ng sanaysay ang buhay at mga gawa ni Helena. Inilahad sa sanaysay ang ganito:

Tinataya ng mga modernong historyador na ipinanganak si Helena taong 250 AD sa Bithynia, isang lugar na bahagi ngayon ng bansang Turkey. Sa pagsapit sa wastong gulang, nakilala noon ni Helena si Constantius, isang opisyal ng Roman Military na may mataas na ambisyong politikal. Sa panahong iyon, si Helena ay nagtatrabaho bilang isang *barmaid*. Sa pagtatagpong iyon nina Helena at Constantius, nagbunga ang kanilang pagtitinginan. Taong 272, nagbunga ang kanilang pagmamahalan at isinilang si Constantino. Dahil sa paghahangad ng kapangyarihan ni Constantius, hindi sila nagsama bilang mag-asawa ni Helena. Ang hindi nila pagsasama bilang mag-asawa ay bunsod na rin ng ambisyong politikal ni Constantius. Dahil sa ambisyon, nagpakasal si Constantius sa anak ng emperor ng Roma noong 288. Sa pakikipag-isang dibdib ni Constantius sa anak ng emperador, naging katuwang na tagapamuno ng imperyong Romano si Constantius noong 305. Makalipas ang isang taong panunungkulan ni Constantius, siya ay pumanaw noong 306. Dahil sa pagkamatay ni Constantius, iprinoklamang bagong emperador ng imperyong Romano si Constantino. Sa pagkakaupo ni Constantino bilang bagong emperador ng Roma, itinalaga niya ang kanyang inang si Helena bilang Augusta o Emperatris noong 324. (sa akin ang salin 1)

Maliban sa mga nabanggit na salimuot sa pinagdaanang buhay ni Emperatris Elena, nakasaad din sa sanaysay na binuo ng *St. Helen's Church of York* ang ganito:

The family life of Roman emperors seems always to have been stormy, and the family quarrels which led to the violent deaths of her grandson and daughter-in-law may have strengthened a desire to leave Rome and journey to the Holy Land when she was aged about 78. Journeying to Jerusalem, even with the privileges of an empress, would have been no small undertaking and she probably went overland. She is said to have visited the Holy

Places associated with Christ's life and to have founded churches in Bethlehem and on the Mount of Olives. The positions of the Holy Sites were already well known, as the Emperor Hadrian had erected pagan temples over them in his attempt to stamp out the Christian religion. St Jerome reported that a statue of Jupiter stood at the site of the resurrection and one of Venus at Golgotha; these landmarks quickly showed where to dig, as the local Christians were well aware of their true significance. Helena died about 330 at the age of eighty, soon after her return to Rome. (1)

Sa siniping bahagi sa itaas, nahahawig ang pangyayaring ito sa ilang tagpo ng naratibong inilatag ng mananaliksik sa mga sinopsis mula sa tatlong orihinal ng arakyo. Dulot na rin ng makasaysayang pangyayari sa panahon ng paghanap ng krus na kinamatayan ni Kristo, naging isang buong karakter si Emperatris Elena at iniugnay ang kanyang buhay sa pagdiriwang ng pista ng krus. Subalit di maikakaila na ang salaysay ng buhay ni Emperatris Elena ay nakaugnay palagi sa kanyang anak na si Emperador Constantino. Dahil sa pagtatampok sa krus at pagkilala na rin sa ginawa ni Emperador Constantino sa kanyang ina, naging daan ito upang maiangat ang Kristiyanismo sa daigdig. Ipinakikita lamang sa tala ng kasaysayan na napakalaki ang naging impluwensiya ng kulto na nabuo nina Emperador Constantino at Emperatris Elena sa paghanap at pagkilala sa krus na kinamatayan ni Kristo. Kung babalikan ang naratibo ng arakyo, may mga pagkilala ring nagpatangi sa simbolo ng krus gaya ng paggamit na sagisag sa bandera ng mga Romano, ang simbolo na bumuhay sa babaeng may malubhang karamdaman, at ang pagdakila sa krus na naging dahilan para magpabinyag ang mga tao sa nasakop na lupain ng mga Romano upang maging ganap na mga Kristiyano. Bunga ng paghanap ng krus nina Emperador Constantino at Emperatris Elena, binigyang-diin sa sanaysay ni Teteriatnikov na may pamagat na *The True Cross Flanked by Constantine and Helena: A Study in the Light of the Post-Iconoclastic Reevaluation of the Cross* ang kaugnayan sa pagbabago ng pananampalataya at pagsamba na inukol nina Emperatris Elena at Emperador Constantino sa krus, batay sa kanya:

A depiction of Constantine and Helena with the True Cross after Iconoclasm then acquired a new historical meaning. Constantine's vision of the cross affected his decision to Christianize the empire, while Helena's discovery of the cross made Christian veneration of the True Cross a reality. Both give a historic dimension to the relic of the Cross. (170)

Sa kabilang banda, ibang pagsipat at pagtingin din ang inugnay sa buhay nina Emperador Constantino at Emperatris Elena sa pagkabuo ng kanilang hagiograpiya bilang mga imahe at santong naging bahagi ng kanon ng literatura ng simbahan noong ikawalo hanggang ikasiyam na siglo. Sa bahagi ng sanaysay ni Teteriatnikov kanyang binanggit ang ganitong pangyayari:

Halos 500 taon ang lumipas bago sila tuluyang purihin at dakilain ng simbahang Katoliko. Ayon sa mga sinaunang paniniwala, nagkaroon na rin ng kulto ng pagkilala kina Constantino at Helena noong ikaapat na siglo. Subalit napansing umigting lamang ito sa pagsapit ng ikasiyam na siglo. Sa patuloy na pagdakila kina Constantino at Helena, nakatulong ang pagbuo nina Patriarch Methodius at Leo the Wise noong 843-842 ng isang awit bilang pagdakila sa mag-ina. Ang awit ay tungkol sa istorya ng paghanap sa Krus ni Helena. Bunsod ng mga kaganapang nabanggit hinggil sa buhay nina Constantino at Helena, hindi maipagkakailang naging matagumpay ang pagtatayo ng kulto ng mag-ina. Ito ang naging daan upang sila ay dakilain at kilalanin bilang mga santo ng simbahang Katoliko at maging bahagi rin ng mga literatura at liturhiya ng simbahan. (sa akin ang salin 170-171)

idinagdag pa ni Teteriatnikov na nakaugnay sa kuwento ng krus gayundin kina Constantino at Elena ang ganito:

In both private and public celebrations, Sts. Constantine and Helena, and the relic of the True Cross had commanded the devotion of both the church and the state with the Emperor and the patriarch present (174).

Kaugnay pa rin nito, patuloy na binanggit ni Teteriatnikov ang ganitong pahayag patungkol sa krus:

In Cappadocia, Syria, and other countries of the Christian East, an image of the cross above the entrance of the church building had a symbolic, apotropaic meaning as protector of the Gate of God (177).

Bilang karagdagan sa kuwento ng krus, isinaad muli ni Teteriatnikov ang ganito:

The cross was one of the major images in the decoration of the ceiling and domes in churches of the Christian East, Armenia and Georgia. In the Middle Byzantine period, when Christ Pantocrator became one of the predominant images for the dome decoration of Byzantine churches in Constantinople and the provinces, churches of the Christian East including Cappadocia, Palestine, Syria, Georgia, and Armenia continued to use the image of the cross for domes, vaults, and ceilings (177).

Emperador Heraclio: Ang Karakter na Humulma kay Emperador Constantino

Mula sa ginawang panimulang pagdalumat sa pinagsuplingan ng salitang arakyo, ilalatag naman sa bahaging ito ang karakter ni Emperador Heraclio bilang hulmahan ng karakter ni Emperador Constantino sa naratibo ng arakyo. Gaya ng nabanggit sa mga naunang pagtalakay, napatanyag ang pangalan ni Emperador Heraclio sa kasaysayan dahil sa kanyang ginawang pagbawi sa krus. Batay kay Guilherme Queiroz de Souza, isang historyador mula sa Brazil, na ang kuwento ni Emperador Heraclio ay lalong umigting dahil na rin sa isang paniniwalang panrelihiyong pananaw:

The story comes to its climax when Heraclius reaches the entrance of the Holy City – suddenly, stones block the Golden Gate and an angel appears above it. This is a messenger sent from God to tell the emperor that he should dismount his horse and remove his imperial dress to enter Jerusalem, following the example of Christ. Upon recognizing his sin, the sovereign humbles himself in an imitatio Christi, only after which does he return the relic to the Holy Sepulcher. The renown of the

basileus in western medieval society roots itself directly in the recovery of the True Cross, the Restitutio Crucis (27).

Sa pagsapit ng ika-11 siglo, ang mito ng buhay ni Emperador Heraclio ay lalong umigting ang popularidad sa kanlurang Europa. Unang lumabas ang kanyang butihing imahe sa kilalang santuwaryo ni Mont Saint – Michael sa Pransiya noong 1060. Sinasabing ang pagsikat ng imahe ni Emperador Heraclio ay isang hakbang upang paangatin ang *Apocalyptic-Eschatological Movement: The Crusades* (de Souza, 28). Binanggit sa papel ni Geoffrey Regan noong 2003, na sisipiin ng mananaliksik sa sanaysay ni Queiroz de Souza ang tungkol sa pagkilalang ibinigay kay Emperador Heraclio ng pananampalatayang Kristiyano.

For Christian warriors of the Middle Ages Heraclius was the ‘first crusader’. For medieval writers he was a paladin, one of the heroes of Christianity along Roland, Charlemagne, Godfrey of Bouillon and Richard Couer de Lion. [...] None of the paladins of chivalry contributed quite so much to the movement as Heraclius: he reconquered the Holy Land and returned the True Cross of Jesus to Jerusalem – thereby adding the Feast of the Holy Cross to the Christian calendar on 14 September (28).

Ang pahayag na ito’y isang malinaw na pagkilala sa panahong iyon ng katapangang nagawa ni Emperador Heraclio bilang isang emperador. Karagdagan pa nga rito ang tagumpay na kanyang natamo laban sa imperyo ni Emperador Costroas na pinaniniwalaang isang anti-Kristo. Magbibigay rin ito ng paralelismong puwang upang makita ang pagkilala kay Emperador Heraclio bilang *Last World Emperor* na tumalo sa mga anti-Kristo (de Souza 28). May dalawang katibayang nagpatanyag sa pangalan ni Emperador Heraclio. Una na rito ang pagkakaroon ng isang buong manuskrito na may pamagat na *Book of Pericopes* na mula kay St. Erentrud (1140) at ang pangalawa, ang mga imaheng matatagpuan sa mga *stained glass* na gawa ni Sainte-Chapelle (1243-1248) ng Paris (de Souza 29), Maliban pa rito ay nagiging laman din ng liturhiya at mga sermon ang buhay ni Emperador Heraclio sa pagitan ng mga taong 784-856. Dahil sa mga imaheng nabuo nasabi ni Queiroz de Souza ang ganito:

From the end of the Middle Ages and the Renaissance on, the images of Heraclius begin to be fundamentally influenced by the *Legenda Aurea* and by breviaries. At that time, the iconography on the single combat between Heraclius and Chosroes’ son, sparse in the High Middle Ages, flourished in quantity and quality. (32)

Sa naibigay na pagkilala kay Emperador Heraclio, nagkaroon ng kalituhan sa paniniwalang Kristiyanismo. Ang kalituhan ay bunga ng mga pabago-bagong turo ng simbahan na nakaugnay sa pangyayaring di umano’y habang ipinagtatanggol ni Heraclio ang Jerusalem ay may nagpakita sa kanyang isang anghel at nagsabing siya’y ginagabayan ng Diyos upang magtagumpay sa laban. Upang maialis ang pangamba sa panuri ng mga iskolar, nilinaw ng simbahan na ito’y isang paniniwalang pumapanig sa paniniwalang panrelihiyon lamang. Bunsod ng pangyayaring ito, tumamlay ang init ng pagkilalang ibinigay kay Emperador Heraclio (Queiroz de Souza 32). Ang katanyagan na nabuo sa pagkatao ni Emperador Heraclio ay nagpapatunay na may malaking ambag siya upang mapatibay ang pananampalatayang Kristiyano. Ito marahil ang isa sa pinagmulang basahen ng paghulma ng katauhan ni Emperador Constantino ng mga manunulat ng arakyo sa Peñaranda. Dahil na rin sa pananamlay ng pagkilala kay Emperador Heraclio sa pagitan ng ika-16 na siglo (Queiroz de Souza 32), nabuo na marahil sa kamalayan ng mga manunulat ng arakyo na mas mabuting mawala na rin ang karakter ni Emperador Heraclio at patingkarin na lamang sa loob ng naratibo ng arakyo ang karakter ni Emperador Constantino.

Kongklusyon

Ayon sa librong *Kasaysayan ng Komedia sa Pilipinas: 1766-1982* ni Tiongson, kanyang binanggit na ang komedyang dala ng mga Espanyol ay nahahati sa dalawang pangkalahatang uri:

Dalawa ang masasabing comedia sa Espanya: 1) yaong kung tawagi’y *comedia de capa y espada, de ingenio* o *a noticia*; at 2) yaong kung bansaga’y *comedia de teatro, de ruido, de cuerpo, de santos, de apriencia* o *a fantasia*. (2)

Ang paghahati at pag-unawa sa mga naratibo ng komedyang dala ng mga Espanyol ay isang tugon upang mailantad sa mga Pilipino ang katangiang tinataglay ng dulang pantanghalang ito. Mula sa ginawang paglalahad sa papel na ito, sinikap ng mananaliksik na mabigyang-linaw ang naratibong nakapaloob sa tatlong orihinal ng arakyo sa Peñaranda, Nueva Ecija. Batay sa binanggit na paliwanag ni Tiongson sa kanyang libro, lumabas sa ginawang pagsusuri sa naratibo na kapwa tinataglay ng tatlong orihinal ng arakyo ang dalawang pag-uuring ibinigay ni Tiongson tungkol sa komedya. Kaya't maaaring bigyang-diin na ang pagkakabuo sa naratibo ng tatlong orihinal ng arakyo ay mga personal na desisyon ng mga mangangatha noong sulatin nila ang orihinal. Bagamat lumabas din naman at naging bahagi ng naratibo ang ilang historikal na pangyayari, nagawa pa rin ng mga mangangatha ng arakyo ang paglihis sa kasaysayan upang mas mabigyan ng diin ang aksiyong nais nilang ilatag sa naratibo. Sinasadya man o hindi ang paglihis sa historikal na saligan, sinikap pa rin naman ng mga mangangatha na mapagtagpo sa naratibo ang pangyayaring naganap sa paghanap at pagbawi ng krus. Kung di man sinasadya, maaari ring isipin na nagkaroon ng pagkakamali sa pag-unawa ng kasaysayan ang mga mangangatha ng arakyo sa kanilang panahon.

Sa kabilang banda, kapansin-pansin pa rin sa arakyo ang mga naratibong nagpapakita ng aksiyon gaya ng labanan ng mga Romano kontra sa mga Hudyo/Persiyano/Turkiyano. Ito marahil ang dahilan upang mahumaling sa pagtutok ang mga tao sa panonood sa mga plasa noong unang itanghal ang arakyo sa bayan. Naging daan din marahil ito upang makuha ang loob ng mga tao na maniwala sa taglay na pagpapala na magmumula sa krus at sa kalauna'y nagkaroon ng pag-uugnay ng kapangyarihan ng krus sa buhay ng mga namamanata. Dahil sa mahigpit na kapit sa paniniwala sa krus, ito rin marahil ang dahilan kung bakit patuloy na itinatanghal ang arakyo taon-taon sa Peñaranda, Nueva Ecija.

Sanggunian

- Bañas, Raymund C. *Pilipino Music and Theater*, Manlapaz Publishing Company, Lungsod Quezon, 1969. Print.
- Cruz, Fruto. *Tibag o Ang Pagcaquita nang Emperatriz Elena sa Cruz na Quinamatayan ni Jesus*. Palimbagang J. Martinez, Binondo, Maynila. 1909. Print.
- . *Pagcabunyi nang Mahal na Sta. Cruz o Ang Pananalo ng Emperador Heraclio sa Haring Cosroas sa Persia at Pagcasauli ng Mahal na Sta. Cruz, sa Bundoc nang Calvario*. Palimbagang J. Martinez, Binondo, Maynila. 1909. Print.
- Delos Santos, Michael C. *Ang Arakyo sa Barangay Sto. Tomas, Peñaranda, Nueva Ecija: Isang Pag-aaral ng Teksto ni Leon Estanislao*. Wesleyan – University Philippines, Lungsod ng Cabanatuan. 2009. Di nakalathalang tesis.
- . at Demeterio, FPA III. *Telescopings and Morofications in the Four Arakys of Peñaranda, Nueva Ecija: a Historical/Hagiographical Recontextualization towards a more Culturally-Sensitive Komedia*. 2018. on press.
- Ibarra, Florante P. *Araquio Music in Devotional Theater*. Center for Central Luzon Studies, Central Luzon State University, Science City of Muñoz, Nueva Ecija. 2007. Print.
- . *The Araquio of Sto. Tomas, Peñaranda, Province of Nueva Ecija: A Study on the Music in Devotional Theater*. Universidad ng Pilipinas - Diliman Lungsod Quezon. 2002. Di nakalathalang tesis.
- . *Transmission of Araquio Music, Songs and Movement Conventions: Learning, Experience and Meaning in Devotional Theater*. Unibersidad ng Columbia. 2012. Di nakalathalang disertasyon.
- Parish of St Helen with St Martin, *St. Helena (Helen) Mother of Constantine the Great* York. Web. 25, Marso, 2017.
- Pasiong Henesis. *Kasaysayan ng Pasiong Mahal ni Hesukristong Panginoon Natin*. Sta. Cruz, Lungsod ng Maynila. 2002. Print.
- Philippine Statistics Authority. *2015 Census of Population, Report No. 2—Demographic and Socioeconomic Characteristics Nueva Ecija*. ISSN 0117-1453. Web. 24, Pebrero, 2019.
- Queiroz de Souza, Guilherme. *Heraclius. Emperor of Byzantium*. Goias State University, Brazil, Web. 24, Marso, 201.
- Teteriatnikov, Natalia. *The True Cross Flanked by Constantine and Helena. A Study in the Light of the Post-Iconoclastic Re-evaluation of the Cross*. EKT, National Documentation Centre, e-Publishing. Web. 25, Marso, 2017.
- Tiongson, Nicanor G. *Philippine Theater: History and Anthology Volume II Komedia*. Universidad ng Pilipinas - Diliman Lungsod Quezon, Printing Press. 1999. Print.

———. *Kasaysayan ng Komedya sa Pilipinas, (1766-1982)*. Integrated Research Center, De La Salle University, Maynila. 1982. Print.

Mga Panayam

Dayson, Phol. *Personal na Panayam*. Pebrero 12, 2017

De Guzman, Ariel J. *Personal na Panayam*. Pebrero 19, 2017

Jimenez, Romy. *Personal na Panayam*. Pebrero 26, 2017

Marcelo, Pablo. *Personal na Panayam*. Pebrero 26, 2017